



**Dive Deep into
Reality the
Beautiful**

**Sumisid ng Malalim sa
Katotohanan ng
Kagandahan**

**ni
Swami BR Sridhar**

“

Dive Deep into Reality the Beautiful

Sumisid ng Malalim sa Katotohanan ng Kagandahan ni

Swami B.R. Sridhar

**A dialogue between a christian student and
Swami B.R. Sridhar**

**Ang pag-uusap sa pagitan ng mag-aaral na
Kristiyano at ni Swami B.R. Sridhar**

Karapatang-ari © Sri Chaitanya Saraswat Math. Ang Sevaite-Pangulo-Acharya. Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring gayahin o kopyahin, nang buo o bahagi sa anumang anyo o paraan, nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-hawak ng karapatang-ari.

Copyright © Sri Chaitanya Saraswat Math Sevaite Acharya. No part of this book may be used and reproduced, in part or whole in any form without the written permission of the copyright owner.

**Our thank's go out to Gaura gadhara das
for helping with printing cost of this booklet**

Sri Chaitanya Saraswat Math, Nabadwip Kolerganj,
P.O. Nabadwip District of Nadia, West Bengal, India

Tagapagtatag-Acharya:

Om Vishnupada Srila Bhakti Raksak Sridhar Dev-Goswami
Maharaj

Sevaite-Pangulo-Acharya: Om Vishnupada Srila Bhakti
Sundar Govinda Dev-Goswami Maharaj

Humaliling-Acharya: Om Vishnupada Srila Bhakti Nirmal
Acharya Dev-Goswami Maharaj

Tagapayo: Sripad Bhakti L.alita Akinchan Maharaj

Editor sa ingles

Sripad Bhakti R. Madhusudan. Maharaj

Salin sa Tagalog ni Rupa Vilas das, Isvarini devi dasi at Rohini
devi dasi: Higit sa Kristiyanismo)

Sri Chaitanya Saraswat Math Philippines branch

Winasto sa Tagalog ni Ishani Devi Dasi: (Higit sa
Kristiyanismo)

Salin sa Tagalog ni Ishani Devi Dasi: Paunang salita

www.philippines.scsmath.org

Editor sa Tagalog: Doctor Relly P Bautista: (Higit sa
Kristiyanismo)

Winasto sa Tagalog ni Doctor Relly P Bautista: Paunang salita

Preface

A Christian theologian predicted that Christianity is on the verge of a Copernican revolution. Prior to Copernicus, it was believed that the earth was at the center of the universe, and that the sun and other planets orbited the earth.

Paunang salita

Hinulaan ng isang Kristiyanong teologo na ang Kristiyanismo ay nasa hangganan ng isang rebulusyong Copernican. Bago pa man kay Copernicus, pinaniniwalaan na ang mundo ay nasa gitna ng sandaigdigan, at ang araw at iba pang mga planeta ay umiikot sa mundo.

Until recently, in the Western world it has been thought that Christianity was the central conception of divinity in the theistic universe. But as Western man has begun to gaze Eastward, he has discovered a plurality of theistic conceptions orbiting the Supreme Truth.

Hanggang kamakailan lamang, ang kanluran ay ipinalagay na ang Kristiyanismo ay ang sentro ng pagkawanawa sa mundo ng paniniwala sa Diyos. Ngunit ang mga kanluranin ay nagsimulang masdan ang silangan, at natuklasan na ang karamihan ng pangunawang theistic ay umiikot sa kataas-taasang katotohanan.

Accepting that plurality, we must also accept the accompanying gradations of theism, superior and inferior. As the planets are situated according to their gravitational attraction for the sun, the varieties of theistic conception are situated higher or lower according to their attraction toward the Absolute Center.

The Krsna conception of divinity is one of being

papaalala sa atin na tayong lahat ay "mga anak ng nektar," at tayo ay dapat "mamatay upang mabuhay","sumisid ng malalim sa katotohanan," at pasukin ang "lupain ng dedikasyon". Kahit gaano nating isakripisyo ang ating mga sarili sa dimensyong ito, tayo ay mapapalaya mula sa impluwensya nito at hihilahin sa pamamagitan ng dedikasyon patungo sa mas mataas na dimensyon ng katotohanan na kung saan ang banal na paglalaro ay "mistulang nasa baluktot na paraan". At doon ay ating mahahanap ang "nakatagong kayamanan ng matamis na kaganapan".

Swami B S Goswami Editor

(The Loving Search for the Lost Servant)

Ang pag-uusap sa pagitan ng mag-aaral na Kristiyano at ni Swami B.R. Sridhar

Higit sa Kristiyanismo (Beyond Christianity)

Sa sumusunod na pag-uusap, pinaghambing-hambing ni Srila Sridhar Maharaj ang mga teistikong paniniwala sa harapan ng mga mag-aaral na Kristiyano na nagmula sa America.

Kristiyano: Maaari po bang ipaliwanag ninyo sa amin kung ano po ang pananaw nang isang Vaishnava sa paniniwalang Kristiyanismo?

Srila Guru Maharaj (Srila Sridhar Maharaj): Ang Kristiyanismo ay hindi kumpletong Vaishnavismo; ito'y hindi lubos o ganap, subalit ito'y basehan para sa debosyonal na teismo o paniniwala sa Diyos. Sa ilang bahagi nito ay makikita natin dito ang prinsipyo ng "Mamatay upang mabuhay", na kahit papaano'y nakikita natin sa mga pisikal nilang pagkilos. Ayon sa mga Kristiyano ang mga ipinakitang huwaran ni Hesus ay pagsasakripisyo nang sarili. Na ayon sa ating paniniwala, ganun paman, ay hindi isang ganap o lubusang paniniwala o teismo sa Diyos, kundi ang nakita lamang natin ay ang pinaka-basehan nito. Ito'y hindi naging malinaw, isang malabong konsepto sa paniniwala sa Punong Diyos na bagama't nagsasabing: "Tayo'y para sa Kanya." Pero gaano? At sa anong anyo, at sa anong paraan? Ang lahat ng ito'y hindi nabigyan nang linaw sa Kristiyanismo at naging malabo. Ang lahat ay hindi naging malinaw, na para bagang tinatanaw pa mula sa malayo. Ito'y walang anyo o hugis. Ito'y hindi lubusang natatakpan, at hina-hayaang makita nang harap-harapan ang pinaka-layun ng ating paglilingkod. Naroroon nga ang konsepto ng paglil-

ingkod sa Diyos, at ang masiglang pananalig para makamit ito, kaya maaari nating sabihing mabuti rin ang kanilang pundasyon, subalit ang istraktura o ang pundasyon nito ay hindi naging malinaw, ito'y malabo, at hindi perpekto.

Kristiyano: Sa Kristiyanismo ay may mga pagsuko din, may mga paglilingkod, at ang pag-aalay ng lahat ng bagay sa Diyos.

Srila Sridhar Maharaj: Oo, pangkaraniwan na ito. Pero kanino tayo sumusuko?

Kristiyano: Ayon sa mga Kristiyano si Hesus lamang ang tanging daan.

Srila Sridhar Maharaj: Oo, at ang kanyang paraan ay “Mamatay para mabuhay,” para maging ano? Ano ang katuturan nito? Ano ang magiging gawain natin sa paglilingkod sa Panginoon. Hindi lamang pawang mga pagpapasalamat ang dapat na ibinibigay natin sa pinakamataas na awtoridad, kundi kailangang magkaroon din talaga tayo nang ugnayan sa Kanyang serbisyo. Hindi sapat ang pagpunta-punta natin sa simbahan minsan sa isang Linggo at magdasal nang, “O Diyos ko, bigyan mo po kami nang aming makakain.” Dahil para talaga sa ganap na teismo, sa lubusang paniniwala sa Diyos, ang kailangan ay beinte-kuwatro oras na gawain-at ito ang dapat nating marating: ang lubusang paglilingkod sa Kanya. At ang lahat ng ibang bagay ay pawang nasa ilalim nito.

Sina Eba at Adan: Napilitang Maghirap

(Adam and Eve: Forced to Labor)

Kristiyano: May mga ilang tradisyon sa Kristiyanismo ang halos katulad sa Kamalayan kay Krishna.

Srila Sridhar Maharaj: Magkahawig sila sa kanilang pundasyon. Sumasang-ayon kami na lahat tayo’y kailangang magsakripisyo para sa Diyos. Pero sino ba Siya? At sino ba ako? At ano ba ang relasyon namin? Malabo kasi ang konseptong ibinigay sa atin nang Kristiyanismo.

Ayon sa konsepto ng Kristiyanismo, noong sina Adan at Eba ay nasa piling pa ng Panginoon, ito’y walang problema sa buhay. Pero nang tinikman nila ang prutas ng puno ng kaalaman, sila’y nagkaroon nang mga pag-aagam-agam sa sarili, at bumagsak, at naghirap ang buhay. Pangkalahatang ideya lamang ang naibigay sa atin hinggil sa ating relasyon sa Diyos, pero nung kailangan na nating ipaliwanag ang mga detalye tungkol sa mga katangian ng Diyos, at kung ano ang maaaring maging relasyon natin sa Kanya, malabo ang naging paliwanag dito nang Kristiyanismo.

Minsan may ilang paring Kristiyano ang nagsabi noon sa aming Guru Maharaj na ang madhuryya rasa (ang pang mag-asawang relasyon sa Diyos) ay matatagpuan din sa Kristianismo. Noong kalagitnaang panahon kasi, nauso noon sa mga Kristiyano ang pagturing kay Kristo bilang asawa, at may ilang parabulang tumutukoy kay Hesu Kristo bilang isang kabiyak. Kaya nasabi nilang ang madhuryya rasa, ang relasyon ng isang nag-iibigan, ay matatagpuan din sa loob ng Kristiyanismo. Pero sinabi sa kanila ni Srila Prabhupada Bhakti Siddhanta Saraswati Thakur, “Eto yung sa Anak Niya, sa Kanyang deboto; at hindi sa Diyos mismo.” Ang ibig sabihin kasi ng anak ay guru, ang tagapagligtas.

Ama, Anak, at Espiritu (Father, Son, and Ghost)

Sa konsepto nila ang Diyos ay nabubuo sa Trinidad: Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo. Marahil

ang espiritu ang nasa pinakamataas na kalagayan. Kung ganoon, ang Kristiyanismo ay hanggang sa brahmavada nirvisesa lamang. Naiintindihan mo ba ako?

Kristiyano: Opo. naipaliwanag na po ninyo dati na ang Brahman ay ang impersonal na aspeto ng katauhan ng Diyos.

Srila Sridhar Maharaj: Ang Diyos Ama ay ang Diyos na tagapaglikha, ang Diyos Anak naman ay ang guru. At ang Diyos bilang Espiritu marahil ay ang nasa pinaka-kataas-taasang kalagayan sa Kristianismo: higit pa sa konsepto ng Ama, at higit parin sa konsepto ng Anak. Kung magkaganoon man, ang kanilang paniniwala ay nagagawi sa impersonal na Brahman.

Minsan nabanggit sa akin noon na may isang pagtatanghal ng drama sa Germany, na kailangang ipakita ang kaanyuan ng Diyos, kaya ang ginawa nila inilagay nila ang isang katauhan sa mataas na bahagi ng balkon ito'y may mahabang balbas, at nag-uutos. Ganito ang paglalarawan nila sa Diyos Ama.

Ganito ang kanilang palagay: Ang Diyos Ama na katauhan ng PunungDiyos ay Diyos na matanda at may maputi nang balbas. Subalit kung titignan natin mula sa bahagi ng rasa at sa ananda, doon sa ekstasi, sa kalugud-lugod na labis na kasiyahan, ang Diyos ay makikita nating nasa pinaka-sentro ng lahat ng iba't-ibang pakikipagrelasyon, kabilang na ang pagiging anak Nito, at asawa.

Ang konsepto nang Diyos bilang ating Ama ay hindi kumpletong kaalaman, dahil maging ang mga magulang ay maaaring maging tagapaglingkod din. Ito'y kailangang nasa sentro; at wala sa dulo ng kabuuan. Ito'y hindi lamang nagmamasasid sa kabuuan; Sa konsepto ng

kamalayan kay Krishna, ang Diyos ay nasa pinaka-sentro. Sa lahat ng landas patungo sa Diyos, ang daan para sa nag-iibigang pakikipagrelasyon sa Kanya ang masasabing pinaka-mataas. Sa relasyong ito, ang kasidhian nang pakikipagrelasyong ito ang isinasaalang-alang, at ang Diyos ay nasa pinakasentro ng lahat ng mga mapagmahal na pakikipagrelasyon. Anandam bhramano vidvan. Ang ananda ang pinakamahalagang bagay na ating natuklasan. At ang ganap na representasyon ng pinakamataas na ananda ay ang pinakamataas na kalubusan na umaakit sa lahat: at hindi kapangyarihan, hindi lakas, kundi kariktan. Si Krishna ang pinaka-sentro ng lahat ng kariktan. Siya'y kaakit-akit dahil sa Kanyang kagandahan, Kanyang kariktan, at Kanyang pagmamahal; at hindi pananakot at pamimilit. Ito ang konseptong Krishna ng PunungDiyos.

Kristiyano: Natatakot ang mga Kristiyano na lumagpas pa kay Hesus, dahil sila'y pinag-iingat ni Hesus sa mga bulaan.

Srila Sridhar Maharaj: Hindi mga Kristiyano ang tinutukoy ko; ang sinasabi ko ay tungkol kay Hesus, na siyang nagbigay nang mga panuntunan ng Kristiyanismo. Ang sinasabi ko ay ang mga prinsipyo ni Hesus. Ang ibinigay niya sa atin ay hulugan, hindi ganap na kaalaman. Sumasang-ayon kami sa matibay nilang pundasyon ng teismo, nang paniniwala nila sa Diyos. Si Kristo ay ipinako dahil sinabi niyang, "Ang lahat ng bagay ay pawang pag-aari ng aking Ama. At ang para kay Caesar ay para kay Caesar, at ang para sa Diyos ay para sa Diyos." Kaya, napakaganda ang kanilang pundasyon; ito'y kapuri-puri, pero ito'y unang bahagi lamang ng konsepto ng teismo o paniniwala sa Diyos.

Sino ba ang aking Panginoon? Ano ba ang Kanyang katangian? Sino ba ako? Ano ba ang tunay na pagkatao ko, at ano ang kaugnayan ko sa Kanya? Kahanga-hanga ang konsepto na nagsasabing tayo ay para sa Kanya, sa Kanya nakalaan, at para sa Kanya, subalit ito'y kailangang maging malinaw lahat. Kailangang marating natin ang pinakamataas na kalagayan. Subalit ang lahat ng ito'y di natin nakikita sa Kristiyanismo. Tanging pagsasakripisyo lamang sa Panginoon ang ibinibigay, tama ito, dahil ito ang pangunahing pangangailangan ng kaluluwa. Pero pagkatapos nito, ano ang makakamit natin? Hinggil dito'y tahimik sila.

Lagpas kay Hesus (Beyond Jesus)

Kristiyano: Kasi po'y natatakot silang lumagpas pa kay Hesus.

Srila Sridhar Maharaj: Oo, pero ang biyaya nang Diyos lubus-lubusan, at dahil nag-uumapaw ang pag-ibig Nito, ang Diyos ay maaaring umupo sa ating kandungan at yumakap sa atin. Kaya dito sa Vaishnavismo, makikita ninyo ang pamumukadkad nang pagmamahalang ito. Pero kung natatakot tayong tumawid sa pangunahing aral ni Hesus, tayo'y magiging parang mga sahajiyas (mga mapagkunwari). Kailangang ialay natin ang lahat ng bagay sa Panginoon at maging matibay sa ating kinalalagyan kahit malagay pa tayo sa panganib. Kailangang 'handang mamatay para mabuhay.' At ano ang buhay? Ang pagsusuri kung ano ang tunay na buhay. At kung ayaw nating mamatay, ang Diyos ay magiging laruan sa mundo, at tayo'y magiging sahajiyas, mga mapagkunwari.

Kaya kailangang tawirin natin ang pasimulang ibinigay sa atin ni Hesus. Kanyang ipinahayag, "Handang mamatay

para mabuhay.” Napakahalagang makasama natin ang Panginoon kung kaya’t handa din nating ialay ang lahat ng bagay para sa Kanya. Ang lahat ng mga natamo nating materyal na bagay ay pawang walang halaga; ang lahat ng ito’y lason. Hindi tayo dapat maakit nito. Kailangang handa rin nating iwan ang lahat, ang lahat ng ating materyal na hangarin at mithiin, maging ang ating katawan, para sa Kanya. Ang Diyos ay dakila. Pero papaano Siya naging dakila? Ano ang aking kalagayan? Papaano ako makakapaglingkod sa Kanya beinte-kwatro oras araw-araw? Sa bagay na ito’y naging tahimik si Kristo.

Sa yugtong ito’y wala pa tayong natatanggap na partikular na programa mula sa mga Kristiyano, kaya naririto ang Vaishnavaismo para gamutin ang ating puso, para bigyan nang kasiyahan ang kaloob-loobang pangangailangan natin, maging anuman ito. Doo’y mapapawi ang ating pagka-uhaw. Sa loob nati’y napakaraming mga hangarin, batid man natin ito o hindi, ngunit ang napakagandang kaanyuan ng katuparan nito ay doon lamang mabibigyan ng ganap na kasiyahan. Hindi lamang mula sa malayo maaari nating ibigay ang ating pamimitagan sa Diyos, mandin Siya ay maaari din nating makapiling. Ang Vaishnavaismo ang nagbigay nang huwaran para sa isang mainit na pagmamahal sa Diyos, lalung-lalu na ni Sri Chaitanya Mahaprabhu, nang Srimad Bhagavatam, at sa Vrindaban, sa lupain ni Krishna.

Ang nararamdaman nating paghahangad sa mga bagay-bagay sa materyal na mundong ito ay hindi tunay; ito’y ligaw na paglalarawan. Subalit ang damdaming ito’y natatagpuan din sa orihinal na mundo, dahil kung hindi, saan ito nanggaling? Saan galing ang mga nararamdaman natin? Ito’y matatagpuan sa daigdig ng kadahi-

lanan, dahil ang lahat ng bagay ay nagmula kay Krishna. Kaya, ang bawat pagnanasa ng bawat atomo sa ating katawan, isipan, at kaluluwa ay makatatanggap nang kasiyahan sa lugar na iyon. Ang kaalamang ito’y galing sa Vaishnavaismo, kay Sri Chaitanya Mahaprabhu, sa Srimad Bhagavatam, at kay Krishna sa Bhagavad-gita.

Bhagavad-gita: ang Kasaysayan at ang mga Aral

(Bhagavad gita: its History and Teachings)

Kristiyano: Narininig ko na po ang Bhagavad-gita. Saan po ba ito nanggaling?

Srila Guru Maharaj: Doon sa Bhagavad-gita, ganito ang sinabi ni Krishna kay Arjuna, “Ang mga sinasabi Ko sa iyo ay hindi bago: ang bagay na ito’y nasabi Ko narin kay Suryya, sa diyos-araw, at ang bagay na ito’y kanya namang ibinigay kay Manu, ang ama ng sangkatauhan. Sa ganitong paraan, ang kaalamang ito’y pumanaog sa pamamagitan ng mga pagsasalin-salin sa mga naging disipulo nila, at sa paglipas nang panahon ito’y nawala. At muli, ang sinaunang kaalamang ito’y muli Kong inuulit naman sa iyo.”

Ito’y tungkol naman sa karma-yoga: “Huwag mong intindihin ang resulta ng mga ginagawa mo, maging ito man ay mabuti o masama; basta ipagpatuloy mo ang iyong gawain. At ikaw ay magkakaroon nang katahimikan ng isipan.”

Kristiyano: Ano po ba ang hatid na mensahe ng Bhagavad-gita?

Srila Guru Maharaj: Mayroong iba’t-ibang yugto ng edukasyon sa Bhagavad-gita: ang bhakti-yoga, karma-yoga, jñana-yoga, astanga-yoga, napakaraming antas ng

teismo o paniniwala sa Diyos, pero ang puro at dalisay na debosyonal na teismo ay nagsisimula kung saan sinabi ni Krishna, sarvva dharman parityajya: “Bitiwan mo ang lahat ng kuneksyon mo sa lahat ng mga ginagawa mo, kahit na ito pa ay gawaing pang-relihiyon o hindi, at lubusan kang sumuko sa Akin. Huwag mong ipagpilitan ang mga gusto mo sa Akin, kundi itanong mo kung ano ang makabubuti sa iyo. At ano ang magagawa mo sa akin? Lubusang isuko mo ang iyong sarili sa Akin, at ibibigay Ko rin sa iyo ang Aking sarili.”

“Kahit naging mahalaga o epektibo pa ang lahat ng mga pamamaraang ito, huwag kang maghangad pa din nang anupaman kundi Ako lamang. Ito ang dapat na pinakahangad mo: ang hangarin Ako, ang makuha Ako, ang mabuhay na kapiling Ako, at gawin ang lahat ng Aking sasabihin, ang pumasok sa loob nang Aking pamilya, sa aking pribadong buhay. Ito ang dapat na hinahangad mo. Wala nang iba pa. Kung ating ipaghahambing ang mga pag-aaral nang lahat na layunin ng relihiyon makikita mong ang pinakamataas pala na panloob na pangangailangan ay mabibigyan lamang nang kasiyahan kapag pumasok ka sa personal na buhay Ko.”

Kristiyano: Sa palagay po kasi ng mga Kristiyano, kung ibig nating maging matapat, kailangang sundin natin ang Bibliya. Literal po naming pinaniniwalaan ang salita ni Kristo.

Srila Sridhar Maharaj: Oo, ayon sa iyong kakayahan, ikaw’y maaaring magpalista para pumasok sa isang klase. May mga ilan na pupunta sa Kristiyanismo, at pagkatapos, kung sila’y naghahangad pa din, sila’y muling maghahanap sa iba, at magtatanong, “Ano ba ang Diyos? Ibig ko Siyang makilala.”

Sa bagay na ito’y, ibig kong magbigay nang isang halimbawa: noo’y mayroong isang Propesor Nixon na taga England. Nakipaglaban siya noon noong Unang Digmaang Pandaigdig, na kakampi ng mga taga France. Habang ito’y nasa eroplano sa bahagi ng mga German, ang eroplano nito ay tinamaan, at nagsimulang bumagsak. Napansin nitong doon sa mga Aleman pabagsak ang kanyang eroplano. Noong naka-usap ko siya dito sa India, ito ang sinabi niya sa akin, “Noong oras na iyon, ako’y nanalangin, “Kung mayroon ngang Diyos, sana’y iligtas Niya ako, ipinapangako ko kung ako’y hindi mamamatay sa pagbagsak nang aking eroplano, Siya’y aking hahanapin. Ibibigay ko ang aking buhay sa paghahanap sa Kanya.”

Bumagsak nga ang kanyang eroplano, at nang magkamalay si Profesor Nixon, napansin niyang siya’y nasa panig ng mga French, doon sa ospital sa France. At nang oras na iyon, ganito ang pumasok sa kanyang isipan, “Mayroon ngang Diyos! Narinig Niya ang aking huling panalangin.” Noong ito’y gumaling, ito’y agad-agad na nagpunta sa England para kausapin ang ilang mga taga simbahan. Ito ang sinabi niya, “Hinahanap ko po ang Diyos, at ibig kong maglingkod sa Kanya beinte-kwatro oras araw-araw. Ibig ko po Siyang makita.”

Sabi ng mga Obospo: “Magpunta ka sa India ”

(Bishops: "Go to India")

Nakausap niya ang maraming mga taga simbahan at mga ilang obispo pa, at sa bandang huli ganito ang kanilang ipinayo, “Kung gusto mong makaharap ang Diyos, magpunta ka sa India. Dahil wala kaming ganitong pamamaraan. Pero narinig namin na doon sa India ay may ilang yogis na internal nilang nakakasama sa puso nila ang

Panginoon. Doon mo hanapin ang kapalaran mo.” Kaya, siya’y naparito sa India, kung saan nakausap niya ang Vice-Chancellor ng Lucknow University. Habang ito’y kausap niya, nakilala din niya ang asawa nito, na isa palang Gaudiya Vaishnava, na isang deboto ni Mahaprabhu. Labis itong naakit sa mga naging payo sa kanya kung kaya’t ito’y tinanggap niya bilang kanyang guru. At sa bandang huli ito’y nag-sannyasa (isang kaayusan ng buhay na tumatalikod sa mga makamundong gawain), at ang kanyang naging pangalan ay Swami Krishna Prema. Nakapagtayo ito nang isang templo dito sa India, at nangaral nang tungkol sa Bhagavad-dharma, at kay Mahaprabhu.

Pinag-aralan nito ang lahat ng relihiyon at kanyang ipinaghambing, magmula sa Kristiyanismo, hanggang sa Vaishnavaismo, sa handog ni Mahaprabhu na umakit sa kanya. Isang iskolar din na Aleman ang nagsabi nang, “Sa lahat ng iba’t-ibang konsepto ng relihiyon dito sa mundo, kailanman ang konsepto ng dalawampu’t apat na oras na paglilingkod sa Diyos (astakaliya-lila) ay hindi pa naibibigay. Napag-aralan ko na ang lahat ng mga teolohiyang pangrelihiyon, pero wala kahit na isa sa kanila ang nakaisip nang dalawampu’t apat na oras na serbisyo sa Kataas-taasang Panginoon. Ang Srimad-Bhagavatam pa lamang ang nakapagbibigay nito.”

Ibinigay ni Rupa Goswami ang siyentipikong representasyon o paglalarawan ni Krishna nang: akhila-rasamrtamurtih. Si Krishna ang bukal ng lahat ng mga kasiyahan. Ang lahat ng ating mga nararamdamang kasiyahan, at maging ang mga hindi pa natin nararanasan ay na kay Krishna at sa Kanya lamang matatagpuan ang malinis at dalisay na huwaran nito. Siya ay lubos na matulungin at ganap na maunawain. Tanging Siya lamang ang maka-

pagbibigay nang ating kasiyahan.

Kristiyano: May mga Kristiyanong ayaw nang lumabas sa Bibliya at ayaw din nila sa mga aral ng ibang paniniwala.

Srila Sridhar Maharaj: Ayon sa ating kakayahan, tayo’y makabibili sa isang pamilihan (sve sve ‘dhikare ya nistha sa gunah parikirtitah). Sa isang pamilihan, ay matatagpuan ang maraming mahahalagang bagay, pero kailangang may kakayahan ang isang mamimili para makabili. Ganun din sa mga rishis, sa mga mangangalakal nang kaalaman at ito ang kanilang mga sinasabi, “Wala nang tataas pa dito. Ito na ang pinakamataas.” katulad din nito, ito naman ang sinabi ni Krishna sa Bhagavad-gita (3.35), sva dharme nidhanam sreyah para-dharmo bhayavahah: “Hanggang dito ka na lamang—mapapahamak ka. Dito ka na lang; huwag ka nang lalayo.”

Bakit ganito ang sinasabi sa atin? Kadalasan ganito din ang sinasabi sa atin nang ating mga guro sa paaralan, “Makinig ka. Para maintindihan mo ang lahat ng ito, at maging taus sa puso at kasiya-siya ang paglalakbay mo. Dahil kung hindi, ang sahajiyaismo, pagbabalatkayo ay papasok sa puso mo. Sa palagay kaya ninyo sa isang lukso ay mararating kaagad ninyo ang ituktok ng isang burol? Imposible. Ito’y kailangang lakarin mo, pero kailangang maging taus sa puso ninyo. Kailangang umusad talaga kayo, at hindi yung madayang paglalakbay.” Ito ang naging babala sa atin sa bawat yugto ng ating buhay. “Ito na ang pinakamataas sa iyo. Pagtuunun mo ang bagay na ito. Huwag kang maging pabaya at padalusdalos sa mga pag-aaral mo. Pag-aralan mo ito nang maigi, at awtomatikong darating sa iyo ang susunod na mastaas na yugto.”

Bilang pamamaraan, sinasabi nila sa atin na ito na ang pinakamataas na pag-aaral. Kapag nagtuturo ang isang propesor sa isang bata, batid nito ang kakayahan ng isipan ng kanyang batang tinituruan. Ganito ang sinasabi niya, “Hanggang dito ka muna, huwag kang lalagpas dito. Ito na ang pinakahuling yugto; intindihin mong maiigi muna ang puntong ito, at kapag natapos ka na, maaari ka nang lumayo.” Kaya sa pamamagitan nito, sa pamamagitan nang pa unti-unting yugto, ang kaalaman o karunungan ay nalalahad.

Kristiyano: Kaya, mayroon palang iba’t-ibang antas para sa iba’t-ibang tao?

Srila Sridhar Maharaj: Ganito ang naging desisyon ni Bhaktivinod Thakur, sa kanyang Tattva-sutra, na bagama’t narinig na ni Arjuna ang Bhagavad-gita, ito’y nakipaghamok pa din, pero kung ito’y si Uddhava, at marinig ang sinabi ni Krishna na, “Iwan mo ang lahat ng bagay at sumuko sa Akin,” ito’y agad na pakikinggan ni Uddhava at lalayas sa digmaang iyon. Subalit iba ang ginawi ni Arjuna matapos marinig nito ang naging payo ni Krishna, pero kung ito’y si Uddhava malamang sundin nito ang payo Nito. Matapos marinig ni Arjuna ang unang yugto ng mga pag-uutos ni Krishna, ganito ang sinabi ni Arjuna kay Krishna sa Bhagavad-gita (3.1-2):

jyayasi cet karmanas te mata buddhir janardana

tat kim karmani ghore mam niyojayasi kesava

vyamisreneva vakyena buddhim mohayasiva me

tad ekam vada niscitya yena sreya ‘ham apnuyam

“Ang sabi Mo, ang jñana, karunungan, ay masmainam kaysa sa karma, sa mga gawain. Kung ganoon, bakit

gusto Mo akong makipaghamok sa kakila-kilabot na karma (gawain) ng digmaang ito?” At ganito ang naging tugon ni Krishna sa kanya, “May kakayahan ka sa gawain ng karma: tapusin mo muna ang trabaho mong ito, at pagkatapos niyan ay maaari ka nang pumunta sa antas ng jñana, mga pagsasaliksik sa karunungan. Hindi napakadaling bagay ang lagpasan ang lahat ng mga gawain at marating kaagad ang naiskarmya ,ang kalayaan mula sa karma. Una, pagdaanan mo muna ang iyong karma; para lumaya ka sa karma, para unti-unting magkaroon ka nang transedental na kaalaman at debosyon. Kaya, sinasabi Ko sa iyo, ‘Makipaglaban ka muna.” Ang pakikipaghamok ay hindi para sa lahat ng tao. Kundi, ito’y para sa iyo, para sa mga taong katulad mo.”

Kristiyano: Sa palagay po ninyo, ano po bang paniniwala sa Diyos ang dapat na sinusunod ng mga tao?

Srila Guru Maharaj: Ang kamalayan kay Krishna ang dapat na ipinangaral sa lahat ng tao, at ito’y tutugunan ng mga tao ayon sa kanilang mga panloob na pangangailangan. May iba d’yan na maaaring manakit sa atin. Ganito ang sinasabi nang mga komunista, “Bawal ang mangaral nang relihiyon dito. Puro teorya lang yan; napapabayaan na ninyo ang mundong ito, at magulo at nakalilito ang paniniwala ninyo. Maghihirap lang ang mga tao kapag naniwala sila sa inyo, kaya ‘di namin kayo papayagan.” Ito ang isang yugto. Magmula doon, ay napakaraming mga yugto pa. Sa harapan ng mga tao, kapag nangaral ka, may lalapit sa inyo, dahil may mga taong naghahanap nang mga katugunan sa kanilang mga puso. Sila’y dadalhin nang kanilang mga panloob na pangangailangan sa sugo ng katotohanan.

Noong nagpunta si Bhaktivedanta Swami Maharaj sa Kanluran at nangaral, marami ang umanib sa kamalayan

kay Krishna. Papaano ito nangyari? Ni hindi sila mga Gaudiya Vaishnavas, pero sila'y nakaramdam nang katiwasayan ng damdamin. Habang tayo'y gumagala sa mundong ito, lahat tayo'y nagkakaroon nang mga bagong karanasan, mga bagong panlasa. Ayon sa kanyang kamulatan, ang tao ay tumutugon sa panawagan nang isang mangangaral ayon sa kanyang hinahanap. Ganito ang kanyang matatagpuan, "Ah, matapos ang mahabang panahon, nakikita ko na ang katuparan ng mga minimithi ng aking puso. Mayroon palang lugar na makapagbibigay sa akin nang aking mga pinapangarap. Ibig ko Siyang makasama at malaman ang tungkol sa lupain ng aking mga pangarap." Dahil dito, gusto nilang makasama ang mga deboto. "Ang mga ibong magkakatulad ang pakpak ay nagsasama-sama." Ayon sa kanilang mga panloob na panlasa, sila'y nagsasama-sama at ginagampanan ang kanilang mga gawain sa antas iyon, sa yugtong iyon, hanggang sa sila'y tumaas pa, doon sa masmataas na kalagayan. Pagkaminsan nga sa buhay na ito ay nagbabago ang ating paniniwala at tumataas pa, at kung pagkaminsan ay sa susunod na kapanganakan pa nila ito nagaganap.

Kristiyano: Pero kapag masyado pong mataas ang uri ng pangangaral, maaaring mawalan nang loob ang ibang tao.

Srila Sridhar Maharaj: Maaari ngang sa ibang tao ay mataas ito at abot-kamay naman ng iba. Hindi ito napakataas para sa lahat, dahil kung magkaganun man, bakit may mga taong napapaniwala nito? Napakaraming tao ang nagiging Mohammedan o Muslim, nagiging Kristiyano, at Hindu. Hindi lahat ng mga Kristiyano ay ipinanganak na talagang Kristiyano na. Papaano unang naging Kristiyano ang maraming tao? Dahil umusbong

mula sa puso nila ang paghahangad sa Kristiyanismo.

Noong nagpunta sa bayang sinalangan ko dito sa Bengal si Achyutananda Swami, ang unang disipulo ni Bhaktivedanta Swami Maharaj, ito’y tinanong noon nang isang punung-maestro, “Nandito lamang kami pero hindi namin nabigyang halaga ang mga aral ni Sri Chaitanya Mahaprabhu; bakit ikaw na mula pa sa isang napakalayong lugar, ay naririto para isakripisyo ang buhay sa paglilingkod kay Sri Chaitanya deva?”

Sinagot ito ni Achyutananda Swami, “Brahmanda brahmite kona bhagyavan jiva: Ang kakayahang ito’y dapat nating makuha sa pag-ikot-ikot natin sa iba’t-ibang uri ng buhay sa mundo.” Lumilibot tayo sa iba’t-ibang lupain, at sa iba’t-ibang uri ng buhay, at nang lumaon, tayo’y nakalikom nang ilang sukrti, nang mga mabubuting kredito. Ang ajñata sukrti ay di sadya at wala sa isipang paglalaan ng ating enerhiya sa paglilingkod sa Panginoon, at kung kaya’t tayo ay nagkaroon ng ilang mga mabubuting karangalan. At kapag lumaki pa nang husto ang ating sukrti, ito’y nagiging jñata sukrti, o mga mabubuting gawain na sadyang isinasagawa para sa Panginoon. At pagkatapos nito, ay pumapaibabaw naman ang ating sraddha, ang ating pananalig, ang ating pagkaakit sa pangkalahatang katotohanan. Kung kaya’t, ito’y maaaring umusbong kahit sa anumang antas ng buhay. Dahil maging ang isang hayop ay maaaring maglingkod kay Krishna. Dahil doon sa Vrndaban, makikita natin ang maraming nilalang: mga puno, mga hayop, at maging ang tubig doon ay nasa ganoong kalagayan dahil sa kanilang kagustuhan. Bagama’t tinanggap nila ang animo’y materyal na kalagayan, sila’y eternal na nasa ganoong kalagayan dahil sa paglilingkod kay Krishna.

Ang Daan ng Isang Banal na Paglalakbay

(Way of the Pilgrim)Kristiyano: Mayroon pong isang kasulatan ang tinatawag na Ang Daan ng Isang Peregrino, ito po'y tungkol sa isang Kristiyano na bumibigkas sa pangalan po ni Hesus sa kanyang pandasal na rosaryo.

Srila Sridhar Maharaj: Ah oo, ang mga Katoliko ay gumagamit din ng rosaryo. May mga Kristiyanong bumibigkas din nang pangalan ni Kristo.

Kristiyano: Pero ang tao pong ito ay bumibigkas sa pangalan ni Hesus, mabait po ito, at ito'y nakaramdam din nang kalugud-lugod na kasiyahan, nang ekstasi, at matinding pagmamahal kay Hesus.

Srila Sridhar Maharaj: Kung ganoon, baka sakaling marating din niya ang kalagayan ni Hesus. Maaaring sa pagtatangka niyang maging perpekto, ay hanggang doon na lamang siya, eternal na kasa-kasama ni Hesus. Maaaring hanggang doon na lamang ito. Hanggang doon na lamang sa lugar na iyon dahil nakamit na nito ang kanyang ganap na kasiyahan.

Ayon sa pagpapala nang Diyos, at dahil na rin sa matinding kagustuhan ng isang dakilang deboto ng Panginoon, maging doon sa impersonal na sinag ni Brahman ay maaari tayong magising sa ating pagkakahimbing at kumilos para sa debosyonal na paglilingkod. Kadalasan kasi, mahabang mahabang panahon silang nananatili doon sa pantay-pantay at walang pagkakaibang kalagayan, at masaya sa kanilang napuntahan; ganunpaman, kung ating titignan ang walang katapusang panahon, ito'y hindi nasusukat kung gaano katagal o kalawak. Mahabang panahong naroroon sila sa ganoong kalagayan, muli man dumating ang maraming paggunaw at paglikha nang mundo, naroroon parin ang pag-asang

anumang oras, sila'y magiging din sa matagal na pagkakahimbing. Ang mundo ay matagal nang naririto, at napakaraming mga kaluluwa ang nagpapanhikan at nagbabaan sa sinag ni Brahman. Kaya, maging sa gitna ng walang katapusang sinag ng Brahman, ay may kaluluwang lumalabas din dito. Kaya kung ang pinag-uusapan ay kawalang-hanggan, ang kalagayan ni Hesus ay masasabing eternal din, walang hanggan, at maaaring dumating din ang panahon na mismo si Hesus ay maging isang Vaishnava. Ito'y maaaring mangyari.

Si Hesus: Siya ba'y Daynamiko o Istatiko?

(Jesus: Dynamic or Static?)

Kristiyano: Sa palagay po ba ninyo ay alam ni Hesus na si Krishna ang Kataas-taasang Katauhan ng Punung Diyos?

Srila Sridhar Maharaj: Kapag malapitan nating nakita ang kanyang kalooban, maaari nating sabihin kung ano talaga ang takbo nang kanyang eternal na buhay, kung naabot na nga niya si Krishna.

Kristiyano: Hindi ko po maunawaan.

Srila Sridhar Maharaj: Hanggang doon na lamang ba si Hesus o ito'y progresibo, pumapaitaas pa? Habambuhay na lamang ba siya doon sa kanyang pinuntahan, o ito'y masigla?

Kristiyano: Ayon po sa mga Kristiyano siya po ay may lubos na kaalaman.

Srila Sridhar Maharaj: Kaya nga, siya ba'y hanggang doon na lamang, doon na ba talaga? Yan na ba talaga ang kalagayan ni Hesus? Sinabi ba nang mga Obispo na pinal

na talaga ang kalagayan ni Hesus? Progresibo ba ang kanyang buhay? O tanging siya lamang ang pinagbabawalang tumaas? Kabilang ba siya sa masiglang mundo? O doon lang sa mundong iyon?

Kaya nga, ito ang kalikasan ng walang hangganan. Kaya bang tugunan nang mayhangganang ang isang walang-hangganang? Katawa-tawa lamang tayo. Katawa-tawa ang makiharap tayo sa walang-hangganang.

Bakit itinuturing na Di Mapag-aalinlanganang Katotohanan si Krishna? Unti-unti alamin ninyo ang bagay na ito, sa pamamagitan ng mala-siyentipikong pamamaraan. Katulad nang ipinayo ko sa inyo, ipagpatuloy ninyo ang pagbabasa nang Sri Krishna Samhita at ng Brhad Bhagavatamrta. Isa-isa ninyong tignan dito ang masiglang pag-usbong nang teismo.

Reinkarnasyon---Ito'y Paglipat Sa Ibang Katawan (Reincarnation – Transmigration)

Kristiyano: Sa pagkakaintindi ko po, sa reinkarnasyon, ang kaluluwa ay maaaring pumasok sa masbababang uri ng buhay dahil sa mga nagawa nilang kasalanan. Pero ano ang kabutihan nito kung ito'y ipapanganak sa uri ng hayop at sa pagtagal ay hindi naman niya naaalala?

Srila Sridhar Maharaj: Minsan ay pinapatulog muna nang mga duktor ang isang pasyente. Pagkaminsan din ang mandarambong ay ibinibilanggo at ikinakadena. Kapag sa palagay ng lipunan ay maligalig ito, ito'y inilalagay sa selda at kinakadena. Kaya, minsan ay kinakailangang alisan ng kalayaan ang isang tao, upang ito'y hindi makagalaw. Kapag ang isang kaluluwa ay nakagawa nang maraming pagkakasala, pansamantala muna itong inalis ng kalayaan. Ito'y kailangang magdusa muna sa

kanyang mga pagkakasala, at pagkatapos nito'y muli siyang binibigyan nang kalayaan para kanyang tahakin ang tamang landas. Habang ang isang lasenggo ay lasing, at nanggugulo sa paligid, ito'y ikinukulong. At kapag ito'y nahimasmasan na, ito'y muling pinalalaya at malayang pinagagalaw sa labas.

Gawin sa Iyong Kapwa" Kasama dito ang mga Hayop

("Do Unto Others" Includes Animals)

Kristiyano: Pangkaraniwang hindi po tanggap nang mga Kristiyano na may kaluluwa ang mga hayop.

Srila Sridhar Maharaj: Ang konseptong ito'y hindi naipaliwanag ni Hesus sa kanyang mga tagasunod. Dahil nakita niyang kinaugalian na nang kanyang mga disipulo ang pagkain nang karne ng hayop at isda, at ayaw nitong hiyain sila nang mga katanungang ito. Ang gusto ni Hesus ay magsimula muna ito sa teistikong buhay, na may paniniwala sa Diyos, at kapag ito'y kanila nang nau-nawaan, ang bagay na ito'y maari nang ibigay nang paunti-unti.

Ang ibang uri ng nilalang ay maybuhay din, at ito'y katulad din ng mga tao, sa pag-inog nang kaluluwa, ito'y naitapon sa ganoong kalagayan dahil sa kanilang karma. Saanman mayroong buhay ay naroroon din sa loob nito ang kaluluwa. Ito'y pangkaraniwan nang bagay, subalit nakita ni Hesus na hindi abot ng pang-unawa nang kanyang mga tagasunod ang mataas na kaalamang ito. Inisip niyang masmainam pa na magsimula na lamang ang mga ito sa paglilinang nang teistikong kaalaman, at unti-unting ibigay sa kanila ang aral na ito.

Ito ang sinabi ni Hesus sa kanila, “Huwag mong gawin ang ayaw mong mangyari sa iyo.” Ito’y mabuti din. Hindi lamang kaluluwa ang nasa sa loob natin; bagkus ang Diyos ay naroroon din, at sa lahat ng dako. Ang mga nilalang na nasa masmababang uri ng buhay ay nakaramdam din nang kirot at kasiyahan. Malinaw din nating nakikita sa mga hayop na kapag sila’y pinapatay, ito’y nakakaramdam din nang sakit. Kaya, masasabing sila’y may buhay din. Dahil nakakaramdam din sila nang sakit, at sila’y may malay din, dahil ang kaluluwa ay isang yunit ng dalisay at malinis na kamalayan. Pero hindi kayang abutin nang mga taong pinapangaralan ni Hesus ang ganoong kaalaman. Hindi sila handa sa ganoong uri ng pagsasakripisyo. Kaya Kristiyanismo ang ibinigay ni Hesus sa mga ganoong klaseng tao.

Ganunpaman din, ang lahat ay naitadhana na sa atin ng pinaka-sentro ng lahat. May mga nangangailangan sa Kristiyanismo, at ganun din sa Islam. May sapat na lugar sa ating sandaigdigan para sa mga ganoong uri ng paniniwala. Ito’y mahalaga, subalit ito’y depende sa kani- lang kalagayan.

Kung ganoon, ano ang kalagayan ng Di Mapag-aalinlanganang Katotohanan? Habang lumalalim ang ating mga pagsasaliksik sa bagay na ito, tayo ay mapapadako sa India. Dahil dito sa India, ang lahat ng klaseng relihiyon ay malawak na pinag-aaralan at ibat-ibang kosnsepto nito. Maraming iba’t-ibang konseptong toelohikal o paniniwala dito sa India na kahit kalahati nito ay hindi mo makikita sa ibang panig ng mundo. Pero sa bandang huli, ang Srimad Bhagavatam ang nagbigay nang pinakamataas na konseptong ng relihiyon. Papaano? Sa pamamagitan ng masusing pag-aaral at pagsunod dito.

Kailangang pag-aralan ninyo ang Brhad Bhagavatamrta at ang modernong ayos nito, ang Sri Krishna Samhita ni Bhaktivinod Thakur.

Kristiyano: Ito po'y nabasa ko na.

Srila Sridhar Maharaj: Pero basahin mo ito maigi, at suriin. Kailangang paulit-ulit mo itong basahin, hanggang sa ito'y maunawaan mo at kasiyahan, dahil ang lahat ng iyong mga katanungan ay kaya nitong sagutin. Ipinapakita nang mga kasulatan na iyon ang iba't-ibang antas ng ating pakikipagrelasyon sa Diyos, at doon ay ipinapaliwanag kung papaano mula sa isang yugto ng teismo, ay pinipilit tayong pumaitaas sa masmataas na lebelo o antas ng paniniwala.

**Sri Chaitanya Saraswat
Math Kolerganj, P.O.
Nabadwip**

**District Nadia, Pin 741302,
West Bengal, India**

**Phone: (03472) 240086 &
(03472) 240752**

**Web: www.scsmath.com
Email: math@scsmath.com**

**Spiritually Affiliated
Centres in India and
Worldwide**

**(for a complete list see our
website
www.scsmath.com)**

Kolkata

**Sree Chaitanya Saraswata
Krishnanushilana Sangha
Opp. Tank 3, 487 Dum Dum
ParkKolkata, Pin
700055, West Bengal, India
Phone: (033) 2590 9175**

**Sree Chaitanya Saraswata
Krishnanushilana Sangha**

**Kaikhali, Chiriamore P.O.
Airport, Kolkata, Pin
700052**

West Bengal, India Phone:

(033) 2573-5428

**Burdwan Sri Chaitanya
Saraswat Ashram**

**P.O. and Village Hapaniy
District of Burdwan**

**West Bengal, India Phone:
(03453) 249505**

**Sri Chaitanya Sridhar
Govinda Seva Ashram**

Village of Bamunpara,

P.O. Khanpur,

District of Burdwan

West Bengal, India

Birbhum

Sree Chaitanya Saraswata

Krishnanushilana Sangha

Garbhabas

Post Office: Birchandrappur

Distirct: Birbhum,

**West Bengal, PIN 731245,
India Orissa**

**Sri Chaitanya Saraswat
Math**

**Bidhava Ashram Road,
Gaur Batsahi
Puri, Pin 752001,
Orissa, India
Phone: (06752) 231413
Mathura
Srila Sridhar Swami
Seva Ashram
Dasbisa, P.O. Govardhan
District of Mathura, Pin
281502
Uttar Pradesh, India
Phone: (0565) 281 5495
Sri Chaitanya Saraswat
Math & Mission
96 Seva Kunja, Vrindavan
District of Mathura, Pin
281121
Uttar Pradesh, India
Phone: (0565) 245 6778
Sri Chaitanya Saraswat
Math**

**Hayder Para,
New Pal Para,
155 Netaji Sarani
Siliguri - 6, India
Mobile phone: 9232 349
442England
Sri Chaitanya Saraswat
Math
466 Green Street
London E13 9DB, U.K.
Phone: (0208) 552-3551
Email: londonmath@scs-
math.org
Website:
scsmathlondon.org
Italy
Villa Govinda Ashram
Via Regondino, 5
23887 Olgiate Molgora (LC)
Fraz. Regondino Rosso,
Italy
Web: villagovinda.org
Tel: [+39] 039 9274445**

Email:
villagovinda_ashram@vir-
gilio.it

U.S.A

Sri Chaitanya Saraswat

Seva Ashram

2900 North Rodeo Gulch
Road

Soquel, CA 95073, U.S.A.

Phone: (831) 462-4712

Fax: (831) 462-9472

Email:
info@sevaashram.org

Web:
www.SevaAshram.org

Venezuela

Sri Chaitanya Sridhar
Govinda

Seva Ashram

Avenida Tuy con Avenida
Chama

Quinta Parama Karuna,

Caracas, Venezuela

Phone: [+58] 212-754 1257

Email: contacto@para-
makaruna.org.ve

Mexico

Sri Chaitanya Saraswat
Math de

Veracruz, A.R.,

Juan de Dios Peza 157

(entre Ignacio de la Llave y

Negrete)

Veracruz, Veracruz, c.p.
91700,

Mexico

Phone: (52-229) 955 0941

Email:
scsmathver@yahoo.com.

mx Brazil

Sri Chaitanya Sridhar
Govinda

Seva Ashram

Krishna Sakti Ashram,

P.O. Box 386

Campos do Jordao,

Sao Paulo, Brazil

Phone: (012) 3663 3168

Bukit Beruntung,

Email:

contacto@ashram.com.br

**Sri Chaitanya Saraswat
Math Philippines branch**

**Elynor B. Ronquillo (Ishani
Devi Dasi)**

**Lot 15 Block 8,
Woodbridge Subdivision,**

**Poblacion, Pandi.
Bulacan,**

Philippines, 3014

**Phone +63 92031 63750 or
text**

Web: www.philippines.scs-math.org

Email: scsmath.philippines@gmail.com

Malaysia

**Sri Chaitanya Saraswat
Sadhu**

**Sangam Bukit Beruntung
Seva**

Ashram No 19 & 21

JalanTertai 10,

**Gamutin mo ang iyong sarili.
Wala tayong kapangyarihan para
baguhin ang ating kapaligiran.**

"Cure thyself"

**We have no power to bring
about changes in the environ-
ment.**

by

Swami B,R Sridhar